

## WORDVIEW

Walang Pagkakamali At  
May Katiyakan

## WARM-UP

- Ano ang paborito mong kainan o pamilihan? Bakit mo ito tinatangkilik?
- Kung may gusto kang malaman o matutunan, saan o kanino ka pumupunta? Bakit?
- Sino ang pinakatapat na tao na kilala mo? Ibahagi ang isang kuwento tungkol sa kanya.

## WORD

*Ang pangako ng Panginoon ay purong katotohanan, gaya ng purong pilak na pitong ulit na nasubukan sa nagliliyab na pugon. MGA SALMO 12:6*

(Basahin din ang **MGA SALMO 12.**)

Ang walang kamalian ay nangangahulugan na ang isang bagay ay may katiyakan. Ang hindi pagkakamali ay nangangahulugan na ang isang bagay ay walang kakayahan na magkamali. Sa Mga Salmo 12, inilarawan ni Haring David ang Salita ng Panginoon bilang *purong katotohanan, gaya ng purong pilak na pitong ulit na nasubukan sa nagliliyab na pugon*. Noong panahon ni David, upang makuha ang purong pilak, ang mambato ng mineral ay pinapainit sa pugon hanggang sa ito ay matunaw. Ang mga dumi ay lilitaw at tatanggalin hanggang sa matanggal lahat ng dumi. Hindi posible para sa pilak ang linisin nang mahigit sa isang beses, subalit ang Salita ng Diyos ay inilarawan bilang pilak na pitong ulit na nilinis. Ang Salita ng Diyos ay purong katotohanan, maaasahan, at tama.

## 1 Ang Salita ng Diyos ay purong katotohanan.

*Ang pangako ng Panginoon ay purong katotohanan, gaya ng purong pilak na pitong ulit na nasubukan sa nagliliyab na pugon. MGA SALMO 12:6*

Inilarawan ni Haring David ang Salita ng Diyos bilang *purong katotohanan*. Kung ang pilak ay puro, wala nang mairadagdag o matatanggal upang ito ay gawing mas perpekto. Ito ang ibig sabihin ng walang kamalian—na ang Salita ng Diyos ay perpekto. Higit pa rito, dahil ito'y purong katotohanan, ito lamang ang batayan na dapat nating sundin. Bakit sinabi sa Deuteronomio 4:2 na hindi tayo dapat magdagdag o magtanggal sa Salita ng Diyos?

---

---

## 2 Ang Salita ng Diyos ay walang kamalian.

<sup>137</sup>*Matuwid kayo, Panginoon, at tama ang inyong mga paghatol.* <sup>138</sup>*Ang inyong ibinigay na mga turo ay matuwid at mapagkatiwalaan. MGA SALMO 119:137,138*

Ang Salita ng Diyos ay purong katotohanan at maaasahan, humuhubog sa ating pananaw at isipan, naglalagay sa atin sa Kanyang kagustuhan. Higit pa rito, ang Salita ng Diyos ay tama, hindi kailanman maaaring magkamali. Sinabi ni Haring David, *Ang inyong ibinigay na mga turo ay matuwid at mapagkatiwalaan*. Sa ating pagsunod sa Salita ng Diyos sa lahat ng pagkakataon, sitwayon, at oras, makikita natin kung gaano katapat ang Diyos sa ating mga buhay. Magbahagi ng kuwento na nagpapakita ng katapatan ng Diyos sa buhay mo.

---

---

### 3 Ang Salita ng Diyos ay maaasahan.

*Ang pag-asang ito ay matibay tulad ng angkla, at ito ay nagbibigay kapanatagan sa buhay natin, dahil umaabot ito sa Pinakabanal na Lugar . . .* **MGA HEBREO 6:19**

(Basahin din **MGA HEBREO 6:17,18.**)

Nihahayag sa Salita ng Diyos ang hindi nagbabagong layunin ng Diyos. Inilarawan ng sumulat ng Mga Hebreo ang mga pangako ng Diyos bilang sigurado at tiyak, na sa Kanya tayo ay may *matibay na pag-asang pinanghahawakan*. Kung tayo ay aasa sa Salita ng Diyos, hindi tayo madaling magugulo ng mga kaisipan, salita, at sitwasyon na maaaring yumanig o magtanggali ng pag-asa kay Cristo at sa Kanyang ginawa para sa atin. Ibahagi ang isang pagkakataon kung kailan nagdesisyon ka na umasa sa Salita ng Diyos sa gitna na isang mahirap na sitwasyon. Paano pinalakas ng Diyos ang iyong pag-asa at pananampalataya noong panahong ito?

---

---

### APPLICATION

- Mayroon ka bang malalim na relasyon sa Diyos na patuloy na lumalago habang binabasa mo ng Kanyang Salita? Kung mayroon, paano ka patuloy na lalago sa iyong relasyon sa Kanya ngayong linggo? Kung wala naman, nais mo bang simulan ang iyong relasyon sa Kanya ngayon?
- Sa tuwing nagbabasa ka ng Salita ng Diyos, pinagninilay-nilayan mo ba ito at isinasapamuhay sa araw-araw? Paano mo magagawang kumilos nang may pananampalataya at nang mapatunayan ang walang kamalian at hindi nagbabagong Salita ng Diyos ngayong linggo?
- Sa iyong paniniwala at pagsunod sa Salita ng Diyos, paano mo maipapakita ang iyong pananampalataya sa iyong mga kapamilya at kaibigan ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang Salita na pitong beses na pinabanal at perpekto. Pasalamatan Siya sa pagbigay sa atin ng Kanyang Salita, na kaya nating isapamuhay anuman ang ating sitwasyon.
- Hingin sa Diyos na ang iyong pag-asa ay mapalakas at maging matatag habang patuloy kang nagninilay sa Kanyang Salita sa iyong buhay.
- Ipanalangin na habang patuloy kang nagtitiwala at sumusunod sa Salita ng Diyos, ang Kanyang katapatan sa iyo ay lalo pang makita ng iba.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---



**VICTORY**

© 2018 by VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph